# Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

*Tagalog*

Ang Keeping Safe: Child Protection Curriculum (KS:CPC) ay edukasyon sa kaligtasan ng bata at magalang na relasyon para sa mga bata at kabataan mula sa kapanganakan hanggang year 12 sa eskwelahan (edad na 17+). Itinuturo ito sa mga paaralan at preschool ng mga tagapagturo na nakatapos ng kinakailangang pagsasanay.

Ang KS:CPC ay binuo sa South Australia ng Departamento para sa Edukasyon at lubos na pinahahalagahan dahil sa lalim ng nilalaman nito, lawak ng pagkatuto at sa kontemporaryong katangian.

Sinusuportahan ng KS:CPC ang mga bata at kabataan na:

- maunawaan na mayroon silang karapatang maging ligtas
- kilalanin ang pang-aabuso at hindi ligtas na mga sitwasyon
- bumuo at gumamit ng mga estratehiya upang makatulong na panatilihing ligtas ang kanilang sarili
- humingi ng suporta at mag-ulat.

Ang edukasyon ay pinakamahalaga sa pagprotekta sa mga karapatan ng lahat ng bata at kabataan at binibigyang kapangyarihan sila na isulong ang kanilang kaligtasan at ang kaligtasan ng iba.

Hinihikayat ang mga magulang at tagapag-alaga na makipag-usap sa paaralan o preschool ng kanilang anak tungkol sa pagpapatupad ng KS:CPC.

Ang isang pangkalahatang-ideya ng KS:CPC ay ibinigay sa sumusunod na pahina.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa: www.kscpc.sa.edu.au/parent-carer-information.

## Mga mapagkukunan ng impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

- Australian Centre to Counter Child Exploitation: www.accce.gov.au
- Child Helpline International (para sa mga eskwelahan sa labas ng Australya): www.childhelplineinternational.org
- Consent can't wait (Pamahalaan ng Australya): www.consent.gov.au
- eSafety Commissioner – impormasyon para sa mga magulang: www.esafety.gov.au/parents
- Kids Helpline – impormasyon para sa mga magulang: www.kidshelpline.com.au/parents
- Pambansang serbisyo sa sekswal na pag-atake, serbisyo sa pagpapayo sa karahasan sa tahanan at pamilya: www.1800respect.org.au
- Madaling mga gabay para sa mga magulang (Parenting SA): www.parenting.sa.gov.au/easy-guides
- Network sa pag-aaruga ng mga bata: www.raisingchildren.net.au
- Youth Law Australia: www.yla.org.au

## Mga tema ng KS:CPC

Nakatuon ang dalawang tema sa mga pangunahing prinsipyo at mahahalagang pag-unawa sa kurikulum:

- Lahat tayo ay may karapatang maging ligtas.
- Matutulungan natin ang ating sarili na maging ligtas sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga taong pinagkakatiwalaan natin.

## Pangkalahatang-ideya ng KS:CPC

Tinutugunan ng KS:CPC ang kaligtasan ng bata at mga magalang na relasyon (kabilang ang online) sa edad at mga paraan na naaangkop sa pag-unlad para sa mga bata at kabataan mula sa kapanganakan hanggang sa taong 12 (edad na 17+).

| | |
|---|---|
| **Pagpapanatiling ligtas** | • Unawain ang dalawang tema ng KS:CPC.<br>• Kilalanin ang mga pinagkakatiwalaang tao at mga serbisyo ng suporta upang humingi ng tulong. |
| **Mga karapatan at pananagutan** | • Ang bawat isa ay may mga karapatan at responsibilidad.<br>• Pagkapribado, personal na espasyo at mga hangganan.<br>• Paano makakaapekto ang mga stereotype ng kasarian sa mga indibidwal at lipunan. |
| **Ligtas at hindi ligtas** | • Mga palatandaan ng babala bilang mga tagapagpahiwatig ng mga hindi ligtas na sitwasyon.<br>• Mga estratehiya upang tumugon sa mga hindi ligtas na sitwasyon.<br>• Pamamahala ng panganib upang makatulong na gawing mas ligtas ang mga sitwasyon. |
| **Mga pinagkakatiwalaang network** | • Mga katangian ng isang pinagkakatiwalaang tao.<br>• Pagbuo ng isang pinagkakatiwalaang network ng mga tao at mga serbisyo ng suporta.<br>• Paano ma-access ang mga pinagkakatiwalaang tao at mga serbisyo ng suporta. |
| **Magalang na relasyon** | • Mga katangian ng malusog, hindi malusog at mapang-abusong relasyon.<br>• Mga karapatan at responsibilidad sa loob ng mga relasyon.<br>• Pahintulot at paggamit ng mga estratehiya sa iba't ibang konteksto. |
| **Kapangyarihan sa mga relasyon** | • Ang positibong paggamit at ang pag-abuso sa kapangyarihan.<br>• Masasamang pag-uugali sa mga relasyon, kabilang ang pananakot at karahasan sa tahanan at pamilya.<br>• Mga estratehiya upang matugunan ang mga nakakapinsalang pag-uugali. |
| **Mga bahagi ng katawan at paghipo** | • Ang wasto na mga pangalan at lokasyon ng mga bahagi ng katawan.<br>• Ang buong katawan ay pribado.<br>• Ligtas, hindi ligtas at hindi ginustong paghipo. |
| **Pag-unawa sa pang-aabuso** | • Pananakit, pang-aabuso (pisikal, sekswal, emosyonal) at pagpapabaya.<br>• Mga estratehiya para sa pag-uulat ng pang-aabuso at mga hindi ligtas na sitwasyon.<br>• Ligtas na pag-uugali ng upstander (nagtatanggol sa iba) kapag sumusuporta sa iba. |
| **Mga Istratehiya** | • Katatagan, pagpupursige at paninindigan.<br>• Mga estratehiyang proteksiyon upang palakasin ang kaligtasan. |
| **Paghahanap ng suporta** | • Regular na pagsusuri sa mga pinagkakatiwalaang network.<br>• Humingi ng suporta mula sa mga pinagkakatiwalaang tao at mga serbisyo ng suporta, kasama na ang mga emerhensya. |